# Kandidatura ni Joy B suportado ng LCSP

Nagpahayag ng suporta si Lawyers for Commuters Safety and Protection (LCSP) founding presidente Atty.Ariel Inton sa sa kandidatura ni QC mayoralty bet Joy Belmonte dahil ito lang ang may bukod tanging malinaw na programa sa transport issue at commuters rights.

"Isa na dapat pinaghahandaan nang maihahalal na mayor ng Quezon City ay ang traffic at transport issues. At dito malaki ang kalamangan ni Belmonte. Tanging si Joy lamang ang may preparasyon at malinaw na plano para sa transport at traffic programs sa lungsod." pahayag ni Inton.

Sinabi pa ni Inton na ang mga katunggali ni Belmonte ay ni minsan ay hindi naringgan ng plataporma ukol sa mahalagang isyu sa transportasyon.

Una na anya ang pagpasa ng QC Council sa pangunguna ni Belmonte sa kauna-unahang Local Transport Board ng isang lokal na pamahalaan na iniakda ni QC 2nd District Councilor Toto Medalla noong panahong pinag-iisipan pa ng DOTr ang pagbabalangkas ng koordinasyon sa lokal at national pagdating sa transport issues.

Sinabi ni Inton na sa pangunguna ni Belmonte ay naipasa rin ang isang mahalagang resolution na pag-aralan na ang mga provincial bus terminals ay mailabas sa Metro Manila nang sa ganun ay hindi nahihirapan ang mga mananakay at makatulong na rin sa pagluwag ng daloy ng trapiko.***-Angie dela Cruz-***